




## Paano Ako Sasagot sa 2020 na Senso at Ano ang Tatanungin sa Akin?

Ang 2020 na Senso ay magbibilang ng lahat ng mga tao na nakatira sa U.S. Ang senso ay isang maikling palatanungan na nagtatanong ng pangunahing impormasyon tungkol sa iyong sambahayan at mga tao na nakatira doon. Ang iyong personal na mga kasagutan ay kumpidensyal at hindi maaaring maibahagi sa ibang ahensiya ng gobyerno, kasama ang pamimilit ng imigrasyon, pulisya, o mga awtoridad ng pabahay. Ginagamit ng gobyerno ang bilang ng populasyon upang paghatian ang politikal na kinatatawanan at upang mapagpasyahan kung saan gagastusin ang mga pinagkukunan.

### Paano ako sasagot sa senso?

Sa Marso 2020, ang Kawanihan ng Senso ay magpapadala sa koreo ng impormasyon sa mga sambahayan na nagiimbita sa kanila na sumagot sa senso. Mayroon tatlong paraan upang makibahagi:

<p><b>Online</b></p> 	<p>Sa unang pagkakataon, ikaw ay maaaring kumumpleto nang online sa iyong form ng senso. Madalas ang sambahayan ay makakatanggap ng liham na nagiimbita sa kanila na sumagot online, na may pangkaraniwang ID ng sambahayan at ang web address ng opisyal na website ng Kawanihan ng Senso.</p> <p><i>Ang internet self-response form ay magagamit sa 12 na hindi Ingles na mga wika kasama ang Intik (Pinasimple), Niponngo, Korean, Tagalog, at Bietnamese.</i></p>
<p><b>Telepono</b></p> 	<p>Ikaw ay maaaring tumawag sa linya ng telepono ng Tulong sa talatanungan ng Senso upang magtanong at sumagot sa senso sa pamamagitan ng telepono.</p> <p><i>Ang suporta sa telepono ay inihahandog sa Ingles at 12 na hindi Ingles na wika kasama ang Intsik (Mandarin at Kantonese), Niponngo, Korean, Tagalog, at Bietnamese. Sa pamamagitan ng dedikadong libreng-toll ng numero ng telepono ng Kawanihan ng Senso para sa bawat lengguahe, ang mga tumatawag ay maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa senso, magtanong, at magbigay ng mga kasagutan sa kanilang form ng senso sa pamamagitan ng telepono.</i></p>
<p><b>Papeles</b></p> 	<p>Ikaw ay maaaring sumagot ng de papel na porma. Sa ibang tahanan- mahigit isa sa lima- ay makakatanggap ng de papel na porma sa unang koreo, ngunit maaari ka ring tumawag sa linya ng telepono ng Tulong talatanungan ng Senso upang makahiling ng de papel na porma kung nais.</p> <p><i>Magagamit ang de papel na porma sa Ingles at Espanyol lamang.</i></p>

## Kailan ako sasagot sa senso?

Magpapadala sa koreo ang Kawanihan ng Senso ng ilang beses, upang makahikayat na sumagot ang mga tao:

Marso 12-20	Magpapadala ang Kawanihan ng Senso ng imbitasyon sa sambahayan upang sumagot sa tatlong alon ng pagpapadala sa koreo.
Marso 16-24	Ang mga liham ng pagpapaalala ay maipapadala sa mga sambahayan na hindi nakasagot.
Marso 26-April 3	Ang mga postkard ng pagpapaalala ay maipapadala sa iyong sambahayan na hindi nakasagot.
Abril 8-16	Ang mga liham ng pagpapaalala at mga de papel na porma ay maipapadala sa sambahayan na hindi nakasagot.
Abril 20-27	Ang huling paalala na mga postkards at maipapadala
Mayo 13	Ang mga empleyado ng Kawanihan ng Senso ay mag-uumpisa na bumisita sa mga sambahayan na hindi nakasagot.

## Ano ang tatanungin ng 2020 na Senso sa akin?

Ang 2020 na Senso ay makukumpleto ng ilang minuto lamang at magtatanong sa mga katanungan sa ibaba.

**Ang 2020 na Senso ay magtatanong sa iyo tungkol sa iyong sambahayan.**

Ang numero ng tao na naninirahan o nakatira sa iyong address ng Abril 1.	<i>Isama lahat sa iyong tahanan, kahit na walang relasyon sa iyo. Ang senso ay nagbibilang ng lahat ng mga tao sa U.S., kasama ang maliliit na mga bata, hindi mamamayan, nangungupahan - lahat.</i>
Ikaw ba ay nag mamay-ari o nangungupahan sa iyong tahanan?	Sagutin kung ikaw ay nagmamay-ari o nangungupahan sa iyong tahanan.
Numero ng Telepono	<i>Gagamitin lamang ng Kawanihan ng Senso ang iyong numero ng telepono kung kinakailangan para sa opsiyal na pakay ng Kawanihan ng Senso.</i>

**Ang 2020 na Senso ay magtatanong sa bawat tao na naninirahan sa iyong sambahayan**

Pangalan, edad, petsa ng kapanganakan, at kasarian	<i>Ipasok ang pangalan, edad, at petsa ng kapanganakan ng bawat tao. Tandaan na para sa kasarian, ang Kawanihan ng Senso ay nagbibigay ng Lalaki o Bababe na opsyon lamang.</i>
Relasyon sa tao na pumupuna sa form	<i>May mga listahan ng relasyon na maaaring pagpilian, kasama ang asawa ( pareho o magkasalungat na kasarian), kapatid na lalake o babae, magulang, magkakwarto, o iba.</i>

Lahi	<p><i>Ikaw ay maaaring pumili ng isa o higit pang lahi. Kung iyong naitukoy na maraming lahi, maaaring itsek ang kahon o mga kahon para sa iyong grupo ng lahi at isulat ang karagdagang detalye tungkol sa iyong kinagisnan ng lahi.</i></p> <p><i>Hindi lahat ng mga grupo ng lahi ay nakalista bilang opsyon sa pagtsek sa kahon. Kung ang iyong grupo ng lahi ay hindi nakalista, maaari kang magsulat ng karagdagang detalye tungkol sa kinagisnan ng iyong lahi.</i></p>
Hispanikong pinagmulan	<p><i>Ito ay nagtatanong kung ikaw ay Hispaniko o Latino. Ito ay kinokonsiderang lipi, hindi lahi. Markahan ito na karagdagan sa kahon ng lahi.</i></p>

Ang Senso 2020 ay hindi magtatanong ng tungkol sa pagkamamamayan.

Kung mahigit sa anim na tao ang nainirahan sa iyong tahanan, kailangan mo lamang magbigay ng pangunahing impormasyon sa mga tao na pito pataas. Ang pangunahing impormasyon ay ang pangalan, edad, petsa ng kapanganakan, kasarian, lahi, at kung ang tao ay may relasyon sa pumupuna ng form.

## Ano ang hindi tatanungin ng 2020 na Senso sa akin?

**Ang form ay hindi magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan. Hindi tatanungin ng form ang iyong social security number.**

## Kailangan ko bang sagutin ang lahat ng mga katanungan?

Kinakailangan ng batas pederal na lahat ay makibahagi sa senso at sagutin ang lahat ng mga katanungan. Ang mga sumagot ay magbibigay ng kanilang mga pangalan at address, ngunit kung lumaktaw sa isang katanungan o dalawa, ay mabibilang pa rin. Kung ikaw ay lumaktaw ng ilang mga katanungan o hindi sumagot sa senso, ang isang empleyado ng senso ay maaaring pumunta sa iyong tahanan upang makakuha ng nawawalang impormasyong . Sagutin lahat ang mga katanungan ng buong katapatan; huwag magsinungaling kapag sumasagot sa senso.

## Ang aking mga kasagutan ba ay kumpidensyal?

### Maaari bang makasira sa akin ang pagsagot sa 2020 na Senso?

- **Kumpidensyalidad**: Lahat ng mga impormasyon sa senso ay kumpidensyal. Sa batas, ang Kawanihan ng Senso ay hindi maaaring makibahagi ng impormasyon ng indibidwal kaninuman, kasama ang awtoridad ng imigrasyon, ibang ahensiya ng imigrasyon, ibang ahensiya ng gobyerno, at ang publiko. Ang batas ng pederal ay may malaking proteksyon sa kumpidensyalidad para sa data ng senso at protektahan ang iyong impormasyon.
- **Kaparusahan**: Ang bawat empleyado ng Kawanihan ng Senso na may access sa iyong data ay nananampalataya para sa buhay na protektahan ang iyong impormasyon, Kung sinuman ang lumabag sa batas, ito ay isang krimeng pederal; ang kaparusahan ay marahas, kasama ang pederal na sentensiya sa preso nang hangang limang taon, pagmulta ng hanggang \$250,000, o pareho.

- **Proteksyon sa Data:** Dagdag dito, ang mga kasagutan na nakolekta ng Kawanihan ng Senso ay maaari lamang gamitin para sa layuning statistikal. Nagpapahayag ang Kawanihan ng Senso ng pinagsamang statistika at hindi maaaring maipahayag ang impormasyon na maaaring makatukoy sa indibidwal, negosyo, o organisasyon. Ang pederal, estado, at lokal na ahensiya ng gobyerno ay pinagbabawalan mula sa paggamit ng statistikal na datasets na ginawa ng Kawanihan ng Senso na makakahadlang sa anumang indibidwal na sumagot sa senso.

## Paano kung kailangan ko ng tulong sa lengguahe upang makumpleto ang 2020 na Senso?

**Online:** Ang internet self-response form ay magagamit sa 12 na hindi Ingles na lengguahe kasama ang Intsik (Pinasimple), Niponggo, Korean, Tagalog, at Bietnamese.

**Telepono:** Ang suporta sa telepono ay inihahandog sa Ingles at 12 na hindi Ingles na lengguahe kasala ang Intsik (Mandarin and Kantonese), Niponggo, Korean, Tagalog, at Bietnamese. Sa pamamagitan ng dedikadong libreng-toll na numero ng telepono ng Kawanihan ng Senso para sa bawat lengguahe, ang mga tumatawag ay maaaring kumuha ng impormasyon ng senso, magtaning, at magbigay ng mga kasagutan sa kanilang porma ng senso sa pamamagitan ng telepono.

**De papel:** Ang pormang de papel ay magagamit sa Ingles at Espanyol.

**Mga Pinagkukunan ng Tulong sa Lengguahe:** Ang Kawanihan ng Senso ay gumagawa ng glosaryo ng lengguahe, kard ng identipikasyon ng lengguahe, at patnubay sa lengguahe sa 59 na hindi Ingles na lengguahe na maaaring makita sa [www.2020census.gov](http://www.2020census.gov).

*Maaaring makita ang karagdagang mga pinagkukunan tungkol sa senso, kasama ang mga factsheets para sa miyembro ng komunidad at mga organisasyon na base sa komunidad, sa [www.countusin2020.org/resources](http://www.countusin2020.org/resources).*